**Grace Christian School Inc.**
Barangay 23, Gingoog City
School ID: 405273
emailad: gracechristianschool1988@gmail.com

**Buwanang Pagsusulit sa Araling Panlipunan III**
Buwan ng Oktubre

I – Bilugan ang tamang sagot sa bawat bilang.

1. Ito ay anyong tubig na napapaligiran ng lupa sa lahat ng dako.

   a. golpo b. look c. lawa

2. Ito ay malawak, malalim at maalat na anyong tubig na mas maliit kaysa karagatan.

   a. dagat b. karagatan c. golpo

3. Ito ay anyong tubig na likas na umaapaw mula sa ilalim ng lupa.

   a. bukal b. talon c. ilog

4. Ito ang pinakamalawak at pinakamalalim sa lahat ng anyong tubig.

   a. look b. dagat c. karagatan

5. Ito ay anyong tubig na napaliligiran ng lupa sa tatlong bahagi.

   a. look b. bukal c. kipot

6. Ito ay anyong tubig na paliko-likong dumadaloy sa lupain mula sa kabundukan patungong dagat o look.

   a. ilog b. talon c. bukal

7. Ito ay anyong tubig na pakurba at karugtong ng dagat.

   a. ilog b. golpo c. dagat

8. Ito ang pinakamalaki at pinakamalalim na karagatan sa mundo.

   a. Antartiko b. Pasipiko c. Indian

LIVEWORKSHEETS

9. Ito ay isang makitid na anyong tubig sa pagitan ng dalawang isla at nagdurugtong sa dalawang dagat o dalawang malalaking anyong tubig.

a. kipot b. look c. golpo

10. Ito ay hanay ng mga magkakatabing bundok.

a. bundok b. burol c. bulubundukin

11. Ito ay mataas na anyong lupa na may malawak at patag sa tuktok.

a. lambak b. talampas c. tangway

12. Ito ay lupaing napaliligiran ng tubig.

a. lawa b. isla c. dagat

13. Ito ay mataas at matarik na anyong lupa.

a. bulkan b. bundok c. burol

14. Ito ay malawak, mababa, at patag na anyong lupa.

a. kapatagan b. lambak c. talampas

15. Ito ay anyong lupa na may butas sa tuktok at nagbubuga ng mainit na putik, abo, bato, at gas.

a. burol b. bulkan c. bulubundukin

16. Ito ay mababa at patag na anyong lupa sa pagitan ng mga bundok at burol.

a. kapatagan b. talampas c. lambak

17. Ito ay isang mababang anyong lupa na pakurba ang tuktok.

a. burol b. bulkan c. bundok

LIVEWORKSHEETS

18. Ito ay nakausling bahagi ng lupa na naliligiran ng tubig sa tatlong bahagi.

a. isla b. tangway c. lambak

19. Ito ang pinakamataas na bundok sa Pilipinas.

a. Bundok Pulag b. Bundok Apo c. Bundok Kanlaon

20. Ito ang pinakaaktibong bulkan sa Pilipinas na may perpektong kono.

a. Bulkan Mayon b. Bulkang Pinatubo c. Bulkang Taal

II – Piliin ang Tama kung ito ay pangangalaga para sa mga anyong lupa at tubig at Mali naman kung makakasama ito.

| | | |
|---|---|---|
| Tama | Mali | 1. Pagtatapon ng basura sa ilog at sapa. |
| Tama | Mali | 2. Paggamit ng lambat sa pangingisda. |
| Tama | Mali | 3. Pagtatanim ng mga puno sa kagubatan. |
| Tama | Mali | 4. Pagtatapon ng kemikal sa ilog. |
| Tama | Mali | 5. Paggamit ng dinamita sa pangingisda. |

LIVEWORKSHEETS